# Plano sa Promosyon ng Makaayong Pamumuhay sa Prepektura ng Mie — Buod na bersyon

Panahon ng pagpaplano: Taong 2024 (Riewa 6) hangang Taong 2026 (Reiwa 8)

## 1. Layunin ng plano

Dahil sa pagrepaso sa labor system ng mga dayuhan sa bansa, inaasahang tataas pa ang bilang ng mga dayuhang manggagawa at ang kanilang mga pamilya sa prepektura na ito. Bilang karagdagan sa paglikha ng isang kapaligiran kung saan ang mga dayuhang residente sa prepektura ay maaaring mamuhay nang ligtas at may kapayapaan ng isip, kailangan nating iposisyon ang ating mga sarili bilang isang katuwang sa pagbuo ng lokal na komunidad at magtulungan upang maisakatuparan ang isang multikultural na lipunan. Bilang batayan ng sitwasyong ito, at upang higit na maisulong ang mga hakbang sa magkakasamang kultura, binago namin ang pangalan ng「Mga patnubay para sa paglikha ng isang multikultural na lipunan」 sa 「Plano sa promosyon ng makaayong pamumuhay multikultural sa Prepektura ng Mie,」 at magpapatuloy ang isang planado at sistematikong paraan.

## 2. Ang imahe ng isang multikultural na komunidad na nilalayon ng Prepektura ng Mie

■***Ang mga residente mula sa magkakaibang pinagmulang kultura ay sama-samang nagtataguyod para sa lokal na komunidad.***

■***Ang sigla na nabuo mula sa makaaayong pamumuhay ng iba't ibang kultura (multikultutal) ay ginagamit upang malutas ang mga lokal na isyu.***

## 3. Mga pangunahing hakbang/pangunahing inisyatibo

### (1)Pagtatatag ng kaalaman ng makaayong pamumuhay multikultural at pagtataguyod ng pakikilahok o kooperasyon

①Pagsusulong ng mutual na pagkakaunawaan sa pagitan ng mga Japanese at dayuhang residente at pagtatag ng kaalaman sa karapatang pantao.

Gaganapin ang kaganapan sa kaalaman upang ipalaganap ang mga pangunahing prinsipyo o ideya ng magkasamang pamumuhay ng iba't-ibang kultura, pangunahin ang "makaayong pamumuhay sa iba't-ibang kultura" sa buwan ng Enero. Ang pagdaraos ng「Forum ng makaayong pamumuhay sa iba't-ibang kultura」 (pansamantalang pangalan) at pagsasagawa ng on-site na mga panayam tungkol sa magkasamang pamumuhay ng iba't-ibang kultura ng mga tagapag- ugnay ng relasyong pang-internasyonal.

②Ang kaalaman sa 「madaling maintindihan o simpleng salita ng wikang Hapon」 at ang pangangailangan ng pag-aaral sa wikang Hapon.

Bumuo ng isang kampanya upang hikayatin ang mga Hapones na gumamit ng「simpleng salita ng wikang Hapon」 at upang ang mga dayuhan ay matutunan ang wikang Hapon na kinakailangan para sa pang-araw-araw na pamumuhay.

・Hinihikayat ang mga kumpanyang nagpapatrabaho ng mga dayuhan na gumamit ng「simpleng salita ng wikang Hapon」 at turuan ang mga dayuhang empleyado na matuto ng wikang Hapon

・Sa pakikipagtulungan sa bawat munisipalidad, nagbibigay kami ng impormasyon sa mga bagong lipat na dayuhan ng listahan ng mga klase sa wikang Hapon sa loob ng prepektura at mga libro o bagay na magagamit para sa pag-aaral ng wikang hapon

### (2)Paglikha ng isang ligtas at mapayapang kapaligiran para sa mga dayuhang residente

①Nagbibigay ng impormasyong pang-administratibo at pang-araw-araw na buhay sa iba't ibang wika kabilang ang「simpleng salita ng wikang hapon」

Partikular dito, palalakasin namin ang pagbibigay ng impormasyong may kaugnayan sa buhay tulad ng pag-iwas sa sakuna at pangangalagang medikal sa iba't ibang wika, kabilang ang「simpleng salita ng wikang hapon」

・Nagbibigay ang "MieInfo" ng impormasyong pang-administratibo at impormasyong kailangan para sa pang-araw-araw na buhay sa pitong (7 ) wika kabilang ang「simpleng salita ng wikang hapon」

②Pagpapahusay ng sistema ng konsultasyon

Sa "MieCo", tumatanggap kami ng mga konsultasyon sa lahat ng aspeto ng pang-araw-araw na buhay para sa mga dayuhang residente sa labing-isang (11) wika, at pinapalakas ang pakikipagtulungan sa mga kaugnay na organisasyon.

・Magbigay ng mga espesyal na konsultasyon mula sa mga abogado, Immigration Bureau, atbp. at pagpapatupad ng mga pagpupulong sa pagsusuri ng kaso kung saan ang mga kaso ng konsultasyon ay tinatalakay sa mga kaugnay na organisasyon.

③Pagpapalakas ng mga hakbang para sa kaligtasan

Pagtatatag o pagbuo ng isang sistema na nagpapahintulot sa mga dayuhang pasyente na makatanggap ng medikal na paggamot nang may kapayapaan ng isip at mga hakbang sa kaganapan ng isang sakuna, at palakasin ang sistema ng konsultasyon sa mga bata, atbp.

・Pagbuo ng「mga dayuhang pinuno/leader sa pag-iwas sa kalamidad」 at pagsasagawa ng pagsasanay para sa pagtanggap ng mga dayuhan sa mga evacuation center

・Pagsasanay ng mga medikal na interpreter at pag-deploy ng mga modelo sa mga institusyong medikal

④Pagpapahusay ng pang-araw-araw na suporta sa buhay

Magpatupad ng mga hakbang sa pakikipagtulungan sa iba't ibang departamento sa loob ng ahensya mula sa pananaw ng patuloy na suporta ayon sa antas ng buhay

・Pagdaragdag ng mga childcare worker sa mga daycare center na tumatanggap ng maraming dayuhang bata.

・Suporta sa entrepreneurship para sa mga dayuhang estudyante

・Pagbibigay ng mga pagkakataon sa pag-aaral sa panggabing junior high school

**(3)Pagsusulong ng edukasyon sa wikang Hapon para sa mga dayuhang residente**

①Pagtatatag ng isang sistema para sa mga klase sa wikang Hapon

Suporta para sa pagtatatag ng mga klase sa wikang Hapon sa mga munisipalidad, online na mga klase sa wikang Hapon, magsagawa ng pagsasanay para sa mga tagasuporta sa pag-aaral (mga boluntaryo),atbp.

・Pagpapatupad ng isang modelong online na klase ng wikang Hapon para sa buong prepektura.

②Pagsusulong ng edukasyon sa wikang Hapon ayon sa mga antas ng buhay at aktwal na kalagayan ng mga dayuhang residente. Isulong ang edukasyon sa wikang Hapon na iniayon sa mga antas ng buhay at aktwal na kalagayan ng mga dayuhan, tulad ng「mga batang preschool」「mga mag- aaral,」「manggagawa,」at「mga dayuhang residente.」

・Nagsagawa ng sesyon ng pagsasanay upang matutunan ang tungkol sa halimbawa ng pag set-up ng mga multicultural na Child care salon.

・Suporta para sa pagbubukas ng mga in-house na klase sa wikang Hapon

③Pagtatatag ng sistema ng pagsulong ng edukasyon sa wikang Hapon

Regional deployment ng mga lokal na Japanese language education coordinator at pagsulong ng pagbabahagi ng impormasyon at pakikipagtulungan sa mga kaugnay na partido na bumubuo sa Japanese language education.

・Pagbibigay ng mga lokal na isyu, atbp. sa Japanese language education personnel ng mga lokal na Japanese language education Coordinator

・Pagsusulong ng pakikipagtulungan sa pagitan ng mga munisipalidad, mga International Association Exchange , mga klase sa wikang Hapon, atbp. sa pamamagitan ng pagpapatakbo ng「Mie Prefecture Japanese Language Education Platform」

**(4)Suporta ayon sa antas ng buhay**

Upang matiyak na ang mga dayuhang residente ay patuloy na matamasa ang mga serbisyong kailangan nila depende sa antas ng kanilang pamumuhay, tulad ng pangangalaga sa bata, edukasyon, trabaho, at panganga-lagang medikal, magpapalitan tayo ng impormasyon at tatalakayin ang pagsulong ng mga hakbang sa pamamagitan ng mga pagpupulong ng koordinasyon sa loob ng tanggapan ng prepektura.